

PREPASYO SA PAGPAPAKITA NG PANGINOON

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, nos tibi semper et ubique grätias ägere: Dömine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus:

Quia, cum Unigenitus tuus in substántia nostræ mortalitátis appáruit, nova nos immortalitátis suæ luce reparávit.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatió nibus cumque omni milítia coeléstis exércitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes. — *Sanctus, Sanctus, Sanctus...*

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Diyos Amang banal, makapangyarihan at walang-hanggan.

Sapagkat nagkatawang tao ang Anak mong Bugtong at nagpakita sa mga tao. Ibinalik niya kami sa dating kalagayan noong una sa bisa ng liwanag ng kaniyang walang hanggang kalikasan.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — *Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...*

ANG COMMUNICANTES SA MISA

SA AMING PAKIKIISA at masayang pagdiriwang ng kabanal-banalang araw na ito, na ang Iyong Bugtong na Anak, na kaisa Mong walang-hanggan sa Iyong luwalhati, ay nagpakitang may tunay na laman at katawang nadaramang katulad ng amin: at gayundin sa magalang na paggunita sa Mahal na Birheng Maria... *

ANTIPONA SA KOMUNYON • Mt 2:2

VIDIMUS stellam ejus in Oriénte, et vénimus cum munéribus adoräre Dóminum.

NAKITA namin ang kaniyang tala sa Silangan, at narito kami upang mag-alay ng mga handog sa Panginoon at sambahin siya.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PRÆSTA, quæsumus, omnípotens Deus: ut, quæ sollémni celebrámus officio, purificátæ mentis intellegéntia consequámur. Per Dóminum.

ISINASAMO namin, makapangyarihang Diyos, yamang isipan nami'y iyong pinadalisyay, maunawaan sana naming buong ganap ang dakilang kapistahan na aming ipinagdiwang. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristo...



ANG KAPISTAHAN NG PAGPAPAKITA NG PANGINOONG HESUS (Epipania)

Misa "Ecce advenit"
I cl. • Doble I cl. • Puti

Latin Mass Society of Cavite
Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Sa bansang Pilipinas, ipinahihintulot ang pag-uulit ng Misa ng pista na ito sa pinakamalapit na araw ng Linggo. Kung gayon, gugunitain ang naturang Linggo sa lahat ng Misa.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Mal 3:1

ECCE advénit dominátor Dóminus: et regnum in manu ejus et potéstas et imperium — *Ps 71:1* Deus, júdicium tuum Regi da: et justítiam tuam Fílio Regis. *V.* Gloria Patri. Ecce.

NARITO, masdan ninyo at dumarating ang ating Panginoon na namumuno; nasa kaniyang kamay ang kaharian at ang kaniyang kapangyarihan at paghahari. — *Salmo 71:1* O Diyos, ipagkaloob mo sa hari ang iyong kahatulan, at ang iyong katarungan, ang iyong Anak. *V.* Luwalhati sa Ama. — Narito...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui hodiérna die Unigénitum tuum géntibus stella duce revelásti: concéde propítius; ut, qui jam te ex fide cognóvimus, usque ad contemplándam spécies tuæ celsitúdinis perducámur. Per eúndem Dóminum.

O DIYOS, ngayong araw ay inihayag Mo sa mga bansa ang iyong Bugtong na Anak sa pamamagitan ng talang gabay: mahabagin mong ipagkaloob sa amin, yamang nakilala namin siya ngayon dahil sa pananampalatayang aming tinataglay ay akayin kami sa kalangitan upang harap-harapan namin mabanagaan ang iyong kaluwalhatian. Sa pamamagitan pa rin...

PAGBASA • Is 60:1-6

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias.

BUMANGON KA, Jerusalem, at sumikat na tulad ng araw. Liliwanagan ka ng kaluwalhatian ng Panginoon. Mababalot ng kadiliman ang buong daigdig; ngunit ikaw ay liliwanagan ng Panginoon, at mapupuspos ka ng kanyang kaluwalhatian. Ang mga bansa ay lalapit sa iyong liwanag, ang mga hari ay pupunta sa ningning ng iyong pagsikat. Pagmasdan mo ang iyong kapaligiran, ang lahat ay nagtitipun-tipon upang magtungo sa iyo; manggagaling sa malayo ang mga anak mong lalaki; ang mga anak mong babae’y kakargahing parang mga bata. Magagalak ka kapag nakita sila; sa iyong damdami’y pawang kasiyahan ang madarama; sapagkat malaking yaman buhat sa karagata’y iyong matatamo, at mapapasaiyo ang kayamanan ng maraming bansa. Darating ang maraming pangkat ng kamelyo mula sa Midian at Efa; buhat sa Seba ay darating silang may dalang mga ginto at insenso, at naghahayag ng pagpupuri sa Panginoon. — *R.* Salamat sa Diyos.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Is 60:6, 11; Mt 2:2

OMNES de Saba vénient, aurum et thus deferéntes, et laudem Dómino annuntiántes. *V.* Surge et illumináre, Jerúsalem: quia glória Dómini super te orta est.

Allelúia, allelúia. *V.* Vídimus stellam ejus in Oriénte, et vénimus cum munéribus adoráre Dóminum. Alleluia.

DARATING sila mula sa Saba; may dalang ginto at kamanyang, at ihahayag ang papuri sa Panginoon. *V.* Bumangon ka, Jerusalem, at sumikat na tulad ng araw; liliwanagan ka ng kaluwalhatian ng Panginoon.

Aleluya, aleluya! *V.* Nakita namin ang kaniyang tala sa Silangan, at narito kami upang mag-alay ng mga handog sa Panginoon at sambahin siya. Aleluya.

EBANGHELYO • Mt 2:1-12

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NANG ipanganak si Jesus sa Bethlehem ng Judea sa kapanahunan ng haring si Herodes, may mga Pantas na lalaki mula sa silangan na dumating sa Jerusalem, na nagtatanong, “Nasaan ang ipinanganak na hari ng mga Judio? Sapagkat nakita namin ang kanyang bituin sa silangan, at naparito kami upang siya’y sambahin.” Nang marinig ito ni Haring Herodes, siya ay nabahala, pati ang buong Jerusalem. Nang matipon niyang lahat ang mga punong pari at mga eskriba ng bayan, nagtanong siya sa mga ito kung saan isisilang ang Cristo. Sinabi nila sa kanya, “Sa Bethlehem ng Judea, sapagkat ganito ang isinulat ng propeta: ‘*At Ikaw, Bethlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi pinakahamak sa mga pangunahing bayan*

ng Juda. Sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.” * Nang mabatid ito, palihim na ipinatawag ni Herodes ang mga pantas at inusisa kung kailan lumitaw ang bituin. Pagkatapos, sila ay pinapunta niya sa Bethlehem na ganito ang bilin, “Hanapin ninyong mabuti ang sanggol. Kapag natagpuan ninyo siya, ipagbigay-alam agad ninyo sa akin upang ako man ay pumunta roon at sumamba rin sa kanya.” Pagkarinig sa bilin ng hari, sila’y nagpatuloy sa paghahanap. Ang bituin na nanguna sa kanila mula pa sa silangan ay tumigil sa tapat ng kinaroroonan ng bata. Ganoon na lamang ang kanilang kagalakan nang makita ang bituin. Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ni Maria na kanyang ina, *maniklubod sa mga katagang ito: Nagpatirapa sila at sinamba ang bata.* Inihandog din nila sa kanya ang mga dala nilang ginto, insenso at mira. * Nang papauwi na ang mga pantas, nakatanggap sila ng babala sa pamamagitan ng panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes, kaya’t nag-iba na sila ng daan pauwi. — *R.* Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 71:10-11

REGES Tharsis, et ínsulæ múnera ófferent: reges Arabum et Saba dona addúcent: et adorábunt eum omnes reges terræ, omnes gentes sérvient ei.

MGA HARI ng Tarsis, at ng mga pulo’y mag-aalay ng mga kalob: Hari ng Arabia at Saba, ay magbabayad ng mga buwis. Sasambahin siya ng lahat ng mga hari, at paglilingkuran ng tanang mga bansa.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

ECCLESIAE tuæ, quæsumus, Dómine, dona propítius intuere: quibus non jam aurum, thus et myrrha profertur; sed quod eisdem munéribus declarátur, immolátur et súmitur, Jesus Christus, fílius tuus, Dóminus noster: Qui tecum vivit et regnat.

TUNGHAYAN mo sana ang mga alay ng iyong Simbahan, Panginoon, yamang hindi na ito’y ginto, insenso o mira, kundi ang mga ipinahihiwatig nito ay ang aming iniaalay bilang paghahain at pagkain, ang iyong Anak na si Hesukristo naming Panginoon: Siyang nabubuhay at naghahari...